AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

**GAMES**
**Activity 66**

| **Pambungad** |
|---|
| *Kumusta, kaibigan? Hahasain natin ang ating problem-solving, pisikal na skills, at imahenasyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong ng ating game master ngayong araw. May level 1, level 2, at level 3! Handa ka na bang tanggapin ang pagsubok niya ngayon? Naniniwala kami sa 'yo, kayang-kaya mo 'to!* |

| **Games - Activity 66** |
|---|
| Experiment - Heart Rate |
| Content Creator: Robyn Nicole B. Jereza |
| Reference:<br>https://www.scienceforkidsclub.com/heart-experiment.html<br>https://www.livescience.com/42081-normal-heart-rate.html |

**EXPERIMENT - HEART RATE**
**GAMES FOR GR. 1 - HS - ACTIVITY 66**

**I. Pambungad** 🧪
EXPERIMENT! 🧪 Ang kailangan natin para sa eksperimento natin ngayon ay relos at ang inyong kamay! Bibilangin natin kung ilang tibok ang ginagawa ng puso natin kada minuto! ❤⏱

**II. Activity** 🧪
1) Umupo at mag relaks. Ipatong at dahan-dahang idiin ang dalawang daliri sa leeg mo, sa ibabaw ng iyong panga. Dito mo mararamdaman ang tibok ng iyong puso! ❤
2) Tingnan ang relos at itiempo ang isang minuto ⏱ habang binibilang kung ilang tibok ang nagagawa ng iyong puso. (Maaring magpatulog dito!)

**III. Observation** 🧪
Ilang tibok ang nabilang mo kada minuto?
Ang normal para sa mga batang edad-6 hanggang 15 ay 70 hanggang 100 BPM o beats per minute. ❤⏱

Para sa mga edad-18 pataas, ang normal ay 60 - 100 BPM.

Kung mas mababa ang bilangng tibok ng iyong puso, baka'y isa kang atleta o ika'y nakagamot!

**IV. Tuklasin!** 🧪
❗ Tulad ng isang kotseng na ngangailangan ng gasolina, nangangailangan ng dugo ang ating katawan para gumana! Ang nararamdaman nating tibok ay ang ay puso nating nagbibigay dugo o gasolina sa ating buong katawan!

Nangangailangan ng 20-segundo para makarating sa buong katawan ang dugo, pero dahil hindi sabay-sabay ang pagdaloy ng dugo, hindi lang isang beses kada isang 20-segundo tumitibok ang puso! ❤

**V. Pagbabahagi sa klase** 👩🏻⚕👨🏻⚕✔️
1) Ilan ang tibok ng puso mo sa isang minuto (o BPM)?
2) Napapansin ba natin kung kailan mas bumibilis ang ating puso? ❤ Bakit kaya? 😅

This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.